

# Sinabi ni Jesus na MAHALIN ang Lahat



**Ni Pangulong Russell M. Nelson**

Noong nasa lupa pa si Jesus, lagi Siyang tumutulong sa mga taong tinalikuran, nakaligtaan, o pinahirapan. Bilang Kanyang mga tagasunod, dapat din nating gawin ang gayon! Naniniwala tayo sa kalayaan, kabaitan, at pagiging patas sa lahat ng anak ng Diyos.

Lahat tayo ay magkakapatid, at bawat isa ay anak ng mapagmahal na Ama sa Langit. Inaanyayahan ng Kanyang anak, si Jesucristo, ang lahat na lumapit sa Kanya, "maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae" (2 Nephi 26:33). Dapat igalang ang bawat anak ng Diyos, anuman ang kanilang kulay o paniniwala. Magpakita tayo ng pagmamahal sa lahat ng anak ng Diyos. ●

*Hango sa post sa Facebook, Hunyo 1, 2020.*



MGA PAGLALARAWAN NI SARAH JENNINGS



Tingnan sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* para sa Doktrina at mga Tipan 37–40.